

PAGLAKI NG TUTA

Narito ang buod ng mga yugto sa paglaki o pagtanda ng isang tuta, mula pagkapanganak:

Bagong silang: Pagkapanganak hanggang dalawang linggo

Lubusang nakadepende sa kanilang nanay ang mga tuta para sa pagkain at alaga, tulad na lang ng paglilinis ng sarili. Sila ay may pandama at may panlasa mula pagkapanganak.

Transitional: Dalawa hanggang apat na linggo

Nagkakamalay na at nakikipaglaro na ang mga tuta sa kanilang mga kapatid, pati narin ang kanilang nanay. Ang mga mata nila ay unti-unting namumulat at makakakita na sila pagdating ng limang linggo. Nag-dedevelop pa ang kanilang pandinig at pang-amoy, tumutubo na ang kanilang mga ngipin. Nagsisimula na silang maglakad, tumahol, at iwagwag ang buntot.

Pagdating ng ikatlong linggo, sisimulan na dapat ang mga tuta sa solid food. Bigyan ang tuta ng maliliit at malambot na pagkain sa isang lalagyanan. Pagka-walong linggo ng mga tuta, hindi na dapat sila nagdedede at kumakain na ng solid food.

Socialization: Apat hanggang labindalawang linggo

Mula pang-apat hanggang pang-anim na linggo, ang mga tuta ay naiimpluwensiya ng kanilang nanay at mga kapatid. Natututo silang maglaro, at makipaghalubilo sa kanilang mga kasama, tulad ng play-bite (kagat na hindi nakakasakit). Natututo rin ang mga tuta ng kabuoan ng kanilang posisyon sa loob ng grupo.

Sa puntong ito, kung ang kanilang nanay ay agresibo o kinakatakutan ang mga tao, ang mga tuta ay maaaring apektado ng kaniyang ugali. Maiging ipakilala ang mga tuta sa iba-ibang mga tao (bata o matanda, lalaki o babae) upang masanay sila at hindi matakot.

PAGLAKI NG TUTA

Simula ng panlimang linggo, maaari na silang i-house train tulad ng pagsunod ng mga tuta sa kanilang nanay palabas ng bahay para umihi o magbawas.

Pagdating ng anim na linggo, maaring turuan na ang tuta: ipakilala na ang kuwelyo at ang kadena niya, sanayin siya na lumapit kapag tinawag ang pangalan niya. Bigyan siya ng pagkain o ng puri kapag siya ay sumunod. Pagdating ng ikawalong linggo, nakakaranas na ng takot ang mga tuta at maaaring maalarma sa mga karaniwang bagay sa bahay. Normal ito sa simula, hindi ibig sabihin na matatakutin na ang aso.

Wag muna ihalubilo ang mga tuta sa ibang aso o pusa hangga't hindi pa nabakunahan. Maaari kasi silang mahawa sa mga sakit na nakamamatay sa tuta (parvo, distemper, hepatitis). Dapat bantayan ang mga tuta sa panahong hindi na prinoprotektahan ng nanay (pagitan ng anim hanggang walong linggo) at bago ang pangalawang bakuna.

Sa ikalabindalawang linggo, kung natanggap na ang mga kailangang bakuna, pwede na silang makipaglaro sa ibang mga aso. Magtanong sa beteryaryo kung mayroong mga sakit na nagkalat sa iyong lugar.

Maaaring kalaruin ng mga tuta ang iba pang mga hayop. Siguraduhin lamang na sila ay hindi nang-aaway.

Apat hanggang Anim na Buwan

Sa panahong ito, napakabilis lumaki ng mga tuta. Kahit na napaka-ligalig ng iyong tuta, iwasang sumobra ang pag-ehersisyo niya. Sa panahong ito rin nagsisimulang gamitin ng mga tuta ang kanilang posisyon sa mga grupo. Maaaring makaranas ng pagkatakot uli ang mga tuta. Ito ay normal rin at parte ng pagdevelop ng tuta.

Pagkabinata or dalaga: Anim hanggang Labindalawambuwan

Tulad ng mga binata o dalaga, nagiging makulit at lalong maligalig ang mga tuta kaya mahalagang ipagpatuloy ang kanilang training at pagkikilala sa ibang tao at aso sa panahong ito. Mahalaga ito upang maging kumportable ang inyong tuta paglaki niya kahit san mang publikong lugar mapunta (tulad ng mga palaruan o pati sa tabing-dagat). Kung siya ay masanay, walang magiging problema kapag may nakakasalubong mga bagong aso o tao.

PAGLAKI NG TUTA

Social Maturity: Isa hanggang dalawang taon

Sa edad na ito, dapat ay mature na ang inyong aso at alam na niya ang posison niya sa inyong pamilya. Pagpatuloy na training ang kailangan upang mapanitili ang respeto ng iyong aso sa iyo at ibang miyembro ng pamilya.

Si Sherry Woodard ay eksperto sa training at pag-alaga ng mga aso sa “Best Friends”. Inaasikaso niya ang mga dokumento at nagbibigay ng serbisyo para matulungan ang sinuman na nag-aalaga ng aso para wala nang maisasantabing aso sa kalye.

Isinalin sa Filipino ni Lorianne Buena - Volunteer Translator ng Phoenix Legacy of Compassion at Philippine Animal Rescue Team (PART)

Mula sa orihinal na panulat ni Sherry Woodard ng BestFriends Animal Society